

Pag-enrol sa mababang paaralan sa 2026

Ang pagsisimula ng pagpasok sa paaralan ay panahon na kinasasabikan ng mga bata, magulang at tagapag-alaga. Hangga't maaari, gusto naming mapadali ang proseso ng pag-enrol para sa inyo.

Sa Victoria, ang iyong anak ay may karapatang pumasok sa itinalagang paaralan sa kapitbahayan (inyong 'lokal na paaralan') sa ilalim ng *Education and Training Reform Act 2006*.

Maaari ka ring mag-aplay para sa puwesto sa isang paaralan na hindi ang inyong lokal na paaralan. Isasaalang-alang ng paaralan ang iyong aplikasyon alinsunod sa Placement Policy (Patakaran sa Pagpupuwesto). Para sa karagdagang impormasyon sa Placement Policy, bisitahin ang pahina ng [Pagpapa-enrol sa paaralan \(Enrolling in school\)](#).



Bagong timeline ng buong estado para sa Foundation (Prep)

Ang unang taon sa mababang paaralan ay tinatawag na Foundation o Prep. Inilabas namin ang timeline ng pagpapa-enrol sa Foundation para sa lahat ng mababang paaralan ng pamahalaang Victoria (tingnan ang pahina 4). Nilalayan ng timeline na tulungan kang maunawaan kung kailan at paano i-enrol ang iyong anak sa Foundation para sa 2026 school year.

Kailan ko dapat i-enrol ang aking anak sa kanyang unang taon ng mababang paaralan?

Ang iyong anak ay dapat 5 taong gulang sa ika-30 ng Abril sa unang taon ng pagpasok niya sa paaralan.

Ang pagpasok sa paaralan ay sapilitan (compulsory) para sa mga batang 6 na taong gulang na.

Upang i-enrol ang iyong anak sa mababang paaralan ng pamahalaang Victoria para sa 2026 school year, magsumite ng aplikasyon sa pag-enrol sa paaralan bago sumapit ang ika-25 ng Hulyo 2025.

Paano ko i-enrol ang aking anak sa kanyang unang taon sa mababang paaralan?

Sundin ang mga hakbang na ito para i-enrol ang iyong anak sa kanyang unang taon sa mababang paaralan:

1. Hanapin ang inyong lokal na paaralan sa Find my School website (tingnan sa ibaba).
2. Makipag-ugnayan sa isang mababang paaralan ng pamahalaan para mag-book ng school tour o para mas marami pang malaman tungkol sa paaralan at sa proseso ng aplikasyon sa pag-enrol.
3. I-download ang Foundation (Prep) enrolment information pack mula sa [Enrolling in Foundation \(Prep\)](#). MAgiging available ang pack pagsapit ng Martes, ika-22 ng Abril 2025 at may kasama itong application form. Maaari ring magbigay ang paaralan sa iyo ng isang kopya ng form upang kumpletuhin.
4. Magsumite ng aplikasyon para sa pagpapa-enrol para sa Foundation **bago sumapit ang Biyernes, ika-25 ng Hulyo 2025**.
5. Aabisuhan ka tungkol sa resulta ng iyong aplikasyon **sa pagitan ng Lunes, ika-28 ng Hulyo at Biyernes, ika-8 ng Agosto 2025**. Kung nakatanggap ka ng alok, dapat mong tanggapin ang alok **bago sumapit ang Biyernes, ika-22 ng Agosto 2025**.
6. Makilahok sa impormasyon sa pagpapa-enrol at mga transition session **sa Term 4, 2025**.
7. Magsisimula ang iyong anak sa Foundation **simula sa Miyerkoles, ika-28 ng Enero 2026**.

Paano ko mahahanap ang aking lokal na paaralan?

Hanapin ang inyong lokal na paaralan sa Find my School website at sundin lamang ang sumusunod na mga hakbang sa ibaba:

1. Ipasok ang findmyschool.vic.gov.au sa iyong browser.
2. I-type ang inyong permanenteng address ng tirahan sa ilalim ng 'Enter your address to get started'.
3. Piliin ang 2026 sa ilalim ng 'Enrolment year'. **Tandaan:** Ang mga school zone ng 2026 ay magiging available sa huling bahagi ng Term 1, 2025.
4. Piliin ang Primary sa ilalim ng 'School type'.

Ang mapa ay magpapakita ng iyong address, ng inyong lokal na paaralan, at sa bandang kaliwa, ng mga detalye para sa pagkontak sa paaralan. Kung ikaw ay mag-i-scroll pababa, magpapakita rin ito sa iyo ng limang pinakamalapit na paaralan sa inyong address.

Ikaw ay maaaring mag-search gamit ang pangalan ng paaralan sa ilalim ng 'Search for school'.

Maaari bang mag-aplay ang aking anak sa isang mababang paaralan ng pamahalaan na iba sa aming lokal na paaralan?

Oo, puwede kang mag-aplay sa mga paaralan na iba sa inyong lokal na paaralan. Isasaalang-alang ng paaralan ang iyong aplikasyon alinsunod sa Placement Policy at pagkakaroon ng puwesto. Makakahanap ka ng impormasyon kung paano binibigyang-prayoridad ang mga aplikasyon sa pahina ng [Enrolling in school](#).

Ano ang mangyayari kung makatanggap ako ng sulat na nagsasabi na hindi matagumpay ang aking aplikasyon?

Dapat mong i-enrol ang iyong anak sa ibang paaralan. Ang iyong anak ay garantisadong may puwesto sa kanyang lokal na paaralan. Ang lokal na paaralan ng iyong anak ay natutukoy batay sa kanyang permanenteng address ng tirahan. Bisitahin ang [Find my School](#) para mahanap ang lokal na paaralan ng iyong anak. Ang pahina ng [Enrolling in school](#) ay maaari ring makatulong sa iyo na kumpirmahin ang address ng iyong anak para sa pagpapa-enrol.

Puwede ka ring mag-apela ng desisyon. Ang pahina ng [Enrolling in Foundation \(Prep\)](#) ay may impormasyon sa proseso ng pag-apela sa resulta ng aplikasyon sa pagpapa-enrol.

Ano ang mangyayari kung nakaligtaan ko ang mga timeframe sa pag-enrol?

Maaari kang mag-aplay upang i-enrol ang iyong anak sa Foundation para sa 2026 school year anumang oras mula sa Term 2, 2025.

Habang hinihiling sa iyo na magsumite ng aplikasyon sa pagpapa-enrol bago sumapit ang Biyernes, ika-25 ng Hulyo 2025, pagkaraan ng petsang ito, tatanggapin pa rin ang mga aplikasyon mula sa mga pamilyang nakaligtaan ang timeline ng pagpapa-enrol, lumipat ng permanenteng tirahan o bagong dating sa Victoria.

Ang mga aplikasyon sa pagpapa-enrol na isinumite pagkaraan ng ika-25 ng Hulyo 2025 ay ipoproseso ng paaralan kung kailan natanggap ang mga ito, alinsunod sa Placement Policy ng departamento.

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-enrol sa mababang paaralan?

Maaari kang magtanong sa inyong lokal na mababang paaralan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pag-enrol sa Foundation.

Sa simula ng Term 2, 2025, makakahanap ka rin ng information pack tungkol sa proseso ng pag-enrol sa Foundation sa pahina ng [Enrolling in Foundation \(Prep\)](#).

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasalinwika ng information pack, mangyaring makipag-usap sa inyong lokal na mababang paaralan para sa tulong.

Sino ang aking makokontak para sa tulong?

Ang Transition Coordinator, Enrolment Officer o ang Punung-guro ng mababang paaralan kung saan mo gustong mag-aplay ay makakatulong sa anumang mga tanong mo tungkol sa proseso ng pag-enrol.

Magagamit na mga link

Nasa ibaba ang ilang magagamit na mga link na maaaring makatulong sa iyo sa pagsisimula ng iyong anak sa mababang paaralan:

Hanapin ang aking Paaralan – findmyschool.vic.gov.au

Impormasyon sa mga school zone – vic.gov.au/school-zones

Pagpapa-enrol sa Foundation (Prep) – vic.gov.au/enrolling-foundation-prep

Pagpapa-enrol sa paaralan – vic.gov.au/how-choose-school-and-enrol

Kapansanan at edukasyong inklusibo (Disability and inclusive education) – vic.gov.au/disability-and-inclusive-education

Mga kontak sa opisina ng rehiyon – vic.gov.au/office-locations-department-education

Timeline para sa 2025-26

Mga Petsa sa 2025	Aktibidad
Term 2: Martes, ika-22 ng Abril 2025 – Biyernes, ika-4 ng Hulyo 2025	
Term 1 at Term 2, 2025	Ang mga mababang paaralan ay nagsasagawa ng mga tour, information session at iba pang mga aktibidad para sa mga pamilya na gustong mag-enrol ng kanilang anak sa Foundation (Prep) sa 2026.
Sa simula ng Term 2, 2025	Ang mga school zone para sa 2026 school year ay magiging live sa findmyschool.vic.gov.au Ang mga magulang at tagapag-alaga ay dapat pumunta sa findmyschool.vic.gov.au upang mahanap ang kanilang itinalagang paaralan sa kapitbahayan (lokal na paaralan) para sa 2026. Ang Enrolment Information Pack para sa mga Magulang at Tagapag-alaga ay available para i-download mula sa Enrolling in Foundation (Prep) .
Mula sa Week 1, Term 2, 2025	Maaaring ipamahagi ng mga mababang paaralan ang mga Enrolment Information Pack sa mga prospektibong mga pamilya at sa kanilang lokal na komunidad.
Mula sa Week 1, Term 2, 2025	Bukas ang mga aplikasyon sa pagpapa-enrol – mula sa petsang ito, makakapagsumite ang mga magulang at tagapag-alaga ng kanilang nakumpletong aplikasyon sa pagpapa-enrol sa isang mababang paaralan ng pamahalaan.
Term 3: Lunes, ika-21 ng Hulyo 2025 – Biyernes, ika-19 ng Setyembre 2025	
Bago sumapit ang Biyernes, ika-25 ng Hulyo 2025	Kailan magsusumite ng aplikasyon para sa pagpapa-enrol – bago sumapit ang petsang ito, ang mga magulang at tagapag-alaga ay magsusumite ng kanilang nakumpletong aplikasyon sa pagpapa-enrol sa isang mababang paaralan ng pamahalaan.
Sa pagitan ng Lunes, ika-28 ng Hulyo at Biyernes, ika-8 ng Agosto 2025	Aabisuhan ng mga mababang paaralan ang mga magulang at tagapag-alaga sa pamamagitan ng liham tungkol sa mga resulta ng pagpapa-enrol sa Foundation (Prep), ayon sa Placement Policy ng departamento. Maaaring kabilang dito ang isang liham ng pag-alok, isang liham na nagkukumpirma ng pag-enrol, o isang liham ng hindi matagumpay na aplikasyon. Ang mga magulang at tagapag-alaga na napadalhan ng liham hinggil sa hindi matagumpay na aplikasyon ay maaaring magsimulang magsumite ng nakasulat na pag-apela sa mababang paaralan.
Bago sumapit ang Biyernes, ika-22 ng Agosto 2025	Bago sumapit ang petsang ito, ang mga magulang at tagapag-alaga ay padadalhan ng liham ng pag-alok na pahiwatig ng pagtanggap sa puwesto ng kanilang anak.
Bago sumapit ang Biyernes, ika-22 ng Agosto 2025	Ito and petsa ng pagsasara para sa mga magulang at tagapag-alaga na magsumite ng nakasulat na pag-apela sa isang mababang paaralan.
Bago sumapit ang Biyernes, ika-5 ng Setyembre 2025	Bago sumapit ang petsang ito, aabisuhan ng mga mababang paaralan ang lahat ng mga magulang at tagapag-alaga, sa pamamagitan ng liham, ng resulta ng kanilang pag-apela.
Bago sumapit ang Biyernes, ika-19 ng Setyembre 2025	Ito ang petsa ng pagsasara para sa mga magulang at tagapag-alaga upang magsumite ng nakasulat na pag-apela sa kinauukulang Regional Director, kung hindi nagtagumpay ang kanilang pag-apela sa mababang paaralan.
Term 4: Lunes, ika-6 ng Oktubre 2025 – Biyernes, ika-19 ng Disyembre 2025	
Sa panahon ng Term 4, 2025	Ang mga mababang paaralan ay magdaraos ng mga transition session.
Bago sumapit ang Biyernes, ika-31 ng Oktubre 2025	Bago sumapit ang petsang ito, aabisuhan ng mga rehiyon ang lahat ng mga magulang at tagapag-alaga sa pamamagitan ng liham tungkol sa resulta ng mga pag-apela sa Regional Director. Tumutukoy lamang ito sa mga pag-apela na natanggap sa petsa ng pagsasara, Biyernes, ika-19 ng Setyembre 2025.